# Kasal at diborsyo sa Japan



Ang kasal ay isang kaganapan at malaking kasiyahan sa buhay. Gayunpaman, may ilang mga bagay na kailangang maging maingat ang mga dayuhang mamamayan kapag nagpakasal o nagdiborsiyo sa isang Japanese. Sa isyung ito ay ibabahagi namin sa inyo ang impormasyon tungkol sa kasal at diborsiyo dito sa Japan. * Ang pamamaraan para sa kasal at diborsiyo sa pagitan ng mga dayuhan ay maaring magkaiba kung kaya't mangyaring magtanong sa embahada o konsulado ng inyong sariling bansa.

**1. Kung kayo ay magpapakasal**

Magsadya sa city hall o munisipyo kung saan kayo nakatira at isagawa ang proseso ng pagparehistro ng inyong kasal. Para sa mga dayuhang mamamayan ay kailangang dalhin ang sertipikasyong kailangan sa pagpapakasal (galing sa embassy o consulate) at ang nakasaling kopya sa Nihongo.

**2. Isaalang-alang din na may mga kondisyon sa pagpapakasal ayon sa batas ng Japan**

▌Kailangang ang babae at lalaki ay may 18 taong gulang. Gayundin sundin ang batas o regulasyon ng bansa ng inyong magiging asawa.

▌Kailangang parehas na hindi kasal sa kasalukuyan. Kung ang babae ay dating may asawa, kailangang lumipas ang 100 araw mula ng napawalan ng bisa ang dating kasal bago muling magpakasal.

▌Ang proseso ng pagpapakasal ay nag-iiba sa bawat bansa at nagkakaroon din ng mga pagbabago. Mangyaring tiyakin sa embahada (konsulado) ng iyong sariling bansa o sa city o town hall ng Japan bago magpatuloy.

**3. Pagdidiborsyo**

Magsadya sa city/town hall ng inyong lungsod at isumite ang paunawa sa diborsyo. *Ang proseso ng diborsyo sa Japan ay ayon sa sumusunod:

(1) Pagdidiborsyo na may pahintulot ang isa't isa

Ang pagdidiborsyo na may pahintulot ang isa't isa ay isinasagawa sa pag-uusap ng mag-asawa at pagsusumite ng paunawa ng diborsyo sa tanggapan ng munisipyo. Kung mayroon kayong anak na Hapon at menor de edad, kailangang pagdesisyonan kung sino ang magkakaroon ng awtoridad sa bata / mga bata at ito ay kasama sa pag-uulat ng paunawa ng diborsyo





(2) Diborsiyo na may namamagitan at diborsyo sa paglilitis

Kung hindi magkakasundo ang talakayan ng mag-asawa, ang diborsiyo ay tatapusin sa pamamagitan ng divorce mediation o divorce trial ng korte.

**4. Mayroong ilang mga bagay na dapat malaman kapag ang isang dayuhan ay makikipaghiwalay.**

▌Kumpirmasyon ng awtoridad ng magulang

Kung ang bata at ang magulang ay parehong sumasailalim sa batas ng iisang bansa kagaya ng Japan, ay isa lamang sa mga magulang ang magkakaroon ng kustodiya sa bata.

▌Katayuan ng paninirahan ng asawa

Kung ang isang dayuhan na nakakuha ng katayuan ng paninirahan sa pamamagitan ng kasal ay magdi-diborsiyo, mawawala ang kanyang katayuan ng paninirahan pagkatapos ng petsa ng pag-expire ng kanyang visa status.

Ang diborsiyo ay hindi makakaapekto sa iyong status of residence kung ikaw ay may permanent resident status.

▌Kapag ang isang dayuhan ay nakipaghiwalay, kailangan mo ring ipaalam sa iyong bansa.

Kung mayroon kang problema, huwag tiising mag-isa, magkonsulta sa isang abogado at iba pa. Komunsulta sa FRESC〈0570-011000〉, Saitama Prefectural General Conseling Center for Foreigners〈048-833-3296〉, sa inyong city/town hall, o sa FICEC〈049-269-6450〉

## FICEC--Konsultasyon at pagpapayo

**Sa FICEC ay tumatanggap din ng konsultasyon at pagpapayo sa araw ng Sabado at Linggo.**
**Lunes ~ Sabado: 10:00 - 16:00**
**Linggo: 13:00 - 16:00**



**Isa akong international student. Lumiban ako sa paaralan dahil sa COVID-19 ngunit nakatanggap ako ng isang taong bayarin sa matrikula.**

Kung kukuha ka ng leave of absence sa iyong paaralan, hindi ka maaaring magpatuloy sa pananatili sa Japan na may status ng paninirahan ng "College Student". Mangyaring umalis sa bansa sa lalong madaling panahon o kung mananatili ka sa Japan, mangyaring baguhin ang status ng paninirahan sa naaangkop na katayuan. Gayundin, ang mga aktibidad maliban sa kwalipikasyon (kagaya ng part-time na trabaho) sa panahon ng leave of absence ay hindi pinapayagan. Para baguhin ang iyong status of residence, mangyaring kumonsulta sa Immigration Bureau. * Kung patuloy kang mananatili sa Japan habang nagli-leave of absence, maaaring kanselahin ang iyong status of residence at made-deport ka sa mismong araw, at kung ito ay malisyoso ay maaring hindi ka makapasok sa Japan sa loob ng 5 taon kung kaya't mag-iingat lamang.

**Mag-asawa kami at parehas na dayuhan. Ang asawa ko ay isang permanent resident at ang aking status of residence ay bilang asawa ng isang permanent resident. Hindi na maganda ang aming pagsasama kaya't gusto kong makipaghiwalay sa kanya. Pero gusto ko ding patuloy na manirahan dito sa Japan.**

Kung ang isang tao na may visa dahil sa asawa ay humiwalay, mawawala ang katayuan ng kanyang paninirahan. Kung gusto mong patuloy na manirahan sa Japan, kang magpapalit ng work visa, o iba pa na magpapahintulot sa iyo na manatili sa Japan nang mag-isa.

## Paanyaya sa eksibisyon ng "Drawing Contest"

Ang iskedyul ng eksibisyon ng drawing contest na sinalihan ng mga batang may dayuhang magulang na nakatira sa area ng Fujimino-shi, Fujimi-shi, at Miyoshi-machi ay ayon sa sumusunod na mga petsa.
Inaanyayahan ang lahat sa eksibisyon! Tingnan natin ang kanilang mga gawang drawing.


- **Miyoshi-machi Fujikubo Community Center**
  Hulyo 29 (Biyernes) ~ Agosto 4 (Huwebes)
- **Fujimino City Hall Main Office Lobby** Agosto 22 (Lunes) ~ 26 (Biyernes)
- **Fujimi City Kirari Fujimi Atelier** Agosto 27 (Sabado), 28 (Linggo)

*Alin man sa mga nasabing lugar ay bukas mula 10:00 ~ 17:00
Para sa detalye：FICEC 049-256-4290



## "Nihongo na gamit sa trabaho" May pagsasalin sa Filipino at iba pang wika at may kasamang ilustrasyon

Maaari mong pag-aralan kung paano magpa-interbyu para sa trabaho, pagtawag sa kumpanya, mga salitang gamit sa trabaho at iba pa. Maari kayong makakuha ng inyong kopya sa FICEC.






## Fujimino City Hazard Map ay naisalin sa iba't ibang banyagang wika

Ang Fujimino City ay nagsagawa ng hazard map na nakasalin sa mga banyagang wika na nagpapakita ng uri, lokasyon, at antas ng panganib ng inaasahang pinsala sakaling magkaroon ng lindol o bagyo.
[Simpleng Nihongo/ English/ Chinese/ Korean/ Filipino/ Vietnamese/ Nepali]

Hazard Map para sa Lindol

Hazard Map para sa Baha